Republika ng Pilipinas
Bayan ng Santa Rosa
Lalawigan ng Laguna

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING SIYAM NA DI-PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LINGGO, IKA-16 NG OKTUBRE, 1988.

Mga Dumalo:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Kgg. | ROBERTO R. GONZALES | - Punumbayan |
| 2. | Kgg. | ANTONIO B. DICTADO | - Pangalawang Punumbayan |
| 3. | Kgg. | EMILIO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 4. | Kgg. | RUFINO P. TAPANGCO | - Kagawad |
| 5. | Kgg. | ERIC T. PUZON | - Kagawad |
| 6. | Kgg. | URIEL T. MANGAHIS | - Kagawad |
| 7. | Kgg. | ADELO T. PEREZ | - Kagawad |
| 8. | Kgg. | ANTONIO G. DUNGAO | - Kagawad |
| 9. | Kgg. | AVELINA R. GIRONELLA | - Kagawad |
| 10. | Kgg. | RESTITUTO C. ALMODOVAR | - Kagawad |
| 11. | Kgg. | REYNALDO C. ENTENA | - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Agrikultura |
| 12. | Kgg. | GEMINIANO S. BABASANTA | - Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Industriya |

***************************

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXXIII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado at ng mga Kagawad ng Lupon para sa Paglalaan/Pananalapi)

PAGTITIBAY NG TAUNANG BADGET PARA SA PANGKALAHATAN AT INFRASTRUCTURE PARA SA TAONG 1989.

PINAGTIBAY ng kapulungan ng Sangguniang Bayan ng Bayan ng Santa Rosa, Lalawigan ng Laguna sa pamamagitan ng isang pagpupulong na dinaluhan ng lahat ng mga kagawad ang:

PANGKAT 1. Ang Pangkalahatang (General) Paglalaan, para sa "INFRASTRUCTURE" at Talaan ng mga Kawani at Pinuno ng Pamahalaang Bayan para sa taong 1989, kasama ang lahat ng mga pananagutang itinatadhana ng batas, batay sa itinakda ng mga Panuntunan ng Pambayang Pagbabadyet, na nagkakahalaga ng PITONG MILYON PITONG DAAN LABINLIMANG LIBO ISANG DAAN LABINDALAWANG PISO AT LIMAMPU'T APAT NA SENTIMO ₱7,715,112.54 ay pinagtitibay at ipinatutupad sa pangkalahatang talaan na ginagawang bahagi ng katitikang ito at nilagyan ng TANDANG "G-1".

PANGKAT 2. Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay ng mga kinauukulang ahensiya ng pamahalaan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd.) ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-labing siyam na di-pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-16 ng Oktubre, 1988.

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan

OFFICE OF THE TREASURER
RECEIVED
DATE: 10-21-88
BY:
SANTA ROSA, LAGUNA

Received by:
10-21-88